ISSN (print) : 0118-5616
ISSN (online) : 2799-1660

research

PHILIPPINE WOMEN'S UNIVERSITY

and its Affiliate Schools for Men and Women

# PWU Research Journal

VOLUME 10, ISSUE 2
DECEMBER 2023

PWURJ

# PWU
# Research Journal
## (A Peer- Reviewed Journal)

**Volume 10, Issue 2, December 2023**

*Chief Editor*
**Dr. Leonardo O. Munalim**

*Honored Consultant*
**Dr. Felina C. Young**

**Philippine Women's University**

# PWU Research Journal
**Volume 10, Issue 2, December 2023**

Published by
Philippine Women's University
Manila, Philippines
www.pwu.edu.ph

© Philippine Copyright 2023
by the Philippine Women's University

ISSN (print) : 0118-5616
ISSN (online) : 2799-1660

**ALL RIGHTS RESERVED.** Except in the form of brief quotations embodied in critical reviews, portions of this Issue may not be used or reproduced in any manner or form without the prior written permission both of the Authors and the RDO.

Inquiries and permission should be addressed to:

Research and Development Office
Philippine Women's University
1743 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines
Tel no. +63(2) 8465-1777
Fax no. +63(2) 8526-6935
E-mail: rdo@pwu.edu.ph

# EDITORIAL BOARD


## *PWU Research Journal*

Philippine Women's University

1743 Taft Avenue, 1004 Manila, Philippines

**Chief Editor** : **Dr. Leonardo O. Munalim**
Philippine Women's University
SCOPUS ID: 57194585534

**Honored Consultant** : **Dr. Felina C. Young**
Chancellor/Senior VP for Academic Affairs
Philippine Women's University

**Editorial Board Members:**

**Dr. Maria Charlene P. Melegrito**
Polytechnic University of the Philippines

**Engr. Mark P. Melegrito**
Technological University of the Philippines

**Dr. Anagha Lavalekar**
Jnana Prabodhini's Institute of Psychology, India

**Dr. Peu Ghosh**
Hooghly Mohsin College, India

**Dr. S. Sivaraja**
Poompuhar College (Autonomous) Melaiyur, India

**Dr. Charli Sitinjak**
Esa Unggul University, Indonesia

**Mr. Axle Christien Tugano**
University of the Philippines, Los Baños

**Mr. Mark Joseph Santos**
De La Salle University

**Ms. Hazel DR. Samala**
Polytechnic University of the Philippines

**Mr. Darren Rey Javier**
Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division, Department of Education

**Dr. Maria Virginia Aguilar**
De La Salle University - Dasmariñas

**Dr. Teresita Banag**
Philippine Cultural College

**Ms. Merline Rabaya**
Western Philippines University-Palawan

**Mr. Satwinder Rehal**
Philippine Women's University, Manila

**Ms. Elizabeth Ann Gutierrez**
Philippine Women's University, Manila

**Regular Associate Reviewers:**

**Dr. Atty. Irene D. Valones**
Philippine Women's University

**Dr. Hector John T. Manaligod**
Philippine Women's University

**Dr. Romel R. Costales**
Isabela State University - City of Ilagan Campus

**Ms. Sherlyn F. Saspa**
National University-Manila

**Dr. Clyde Cyril Baculio**
Ramon Magsaysay Memorial Colleges

**Mr. Jeckson Repollo**
Metro Dumaguete College, Dumaguete City

**Dr. Marjorey C. Cabigas**
J. H. Cerilles State College, Zamboanga del Sur

**Ms. Mel Joan B. Dizon**
Negros Oriental State University

**Mr. Jose Marie T. Sintos**
Carrascal National High School, Surigao del Sur

**Layout :** Jesus A. Sy

# TABLE OF CONTENTS


**EXTERNAL / UP-LOS BAÑOS**

**DIASPOLOVE: ISANG PAGSUSURING TIPOLOHIKAL SA MGA PELIKULA NI OLIVIA M. LAMASAN UKOL SA HANAPBUHAY AT PAG-IBIG -** Axle Christien **TUGANO** 1

**KASAKLAWAN NG DISKURSONG PANGTURISMO SA PILIPINAS: ISANG PUNDAMENTAL NA PAGSUSURI SA PAGLALAKBAY -** Axle Christien **TUGANO** 28

**SCHOOL OF ARTS AND SCIENCES**

**FOUR-LEVEL VISUAL ANALYSIS OF TELECONSULTATION PROMOTIONAL MATERIALS ON FACEBOOK AMONG FILIPINO MEDICAL PRACTITIONERS: A BRIEF REPORT** Leonardo **MUNALIM** 71

**SCHOOL OF EDUCATION**

**A 2017 CURRICULUM REVIEW FROM THE PWU-SCHOOL OF EDUCATION -** Shirley **PADUA** 78

**SCHOOL OF NUTRITION AND DIETETICS**

**NUTRIENT INTAKE AND WOUND HEALING STATUS OF ICU PATIENTS WITH PRESSURE INJURY AND KAP OF DIETITIANS TOWARDS PRESSURE INJURY MANAGEMENT AT A SELECTED TERTIARY HOSPITAL** Ilonah Jane **POMAY** 84

**SCHOOL OF PHARMACY**

**PERCEIVED ROLES OF COMMUNITY PHARMACISTS AND LEVEL OF SATISFACTION WITH PHARMACIST SERVICES IN CANDELARIA QUEZON: BASIS FOR PHARMACY PROFESSIONAL SERVICES ADVOCACY** Rachelle **ABANTE**; Ermira Diloy **BRIJUEGA**; Vieno Gino **CRUZ**; Ronald Amiel **PEÑALOZA**; Maureen Allysandra **GULMATICO** 103

**ABOUT RDO LOGO** 124

# DIASPOLOVE: ISANG PAGSUSURING TIPOLOHIKAL SA MGA PELIKULA NI OLIVIA M. LAMASAN UKOL SA HANAPBUHAY AT PAG-IBIG

**Axle Christien TUGANO**
Division of History
University of the Philippines Los Baños
ajtugano1@up.edu.ph

***Abstrak***

Nilalayon ng pag-aaral na ito ang isang pagsusuri at/o pagsasalansang tipolohikal ukol sa ilang pelikulang direktang tumuon sa danas at naratibo ng mga manggagawa, mangingibig, at/o manggagawang mangingibig—partikular na ang mga pelikulang idinirehe ni Olivia M. Lamasan. Sa paglago ng anomang larang katulad ng *media studies*, mahalaga rin ang pagsipat ng tipolohiya at/o pagsasaklasipika batay sa uri ng mga ipinamamayaning paksa. Ito ay upang matukoy ang pinagmumulan at/o pinaghuhugutang idea at inspirasyon ng mga kumatha at higit sa lahat, ang pananalamin sa realidad ng lipunan sa panahon kung kailan ito kinatha. Nakasandig ang panunuring ito hindi lamang sa tradisyonal na pagbubuod ng mga kinathang pelikula, ngunit refleksibo rin uugatin ang kayariang panlipunan nito sa kasalukuyang direksiyon ng edukasyon at nakapangyayaring pagpapahalaga sa mga Pilipinong sining. Ang mga pelikulang Pilipino, lalo pa't kung malaya at mapagpalaya ay maituturing na isang ekstensiyon at salamin ng mga *communal ethos* ng sambayanan at kalinangang Pilipino.

***Mga Susing Salita:*** hanapbuhay; Olivia M. Lamasan; pag-ibig; pelikula; tipolohiya.

***Introduksiyon***

Isang malinaw na representasyon ng kultura ang pelikula. Ekstensiyon ito ng umiiral na realidad ng lipunan, gayundin ang samo't saring pagtugon ng bawat kasapi sa isang partikular na hamon (Santiago, 2019). Hindi lamang nalilimita kung gayon ang halagahin ng pelikula bilang isang uri ng sining ngunit nagtaas na rin ito ng hudyat upang tapikin ang kamalayang panlipunan ng sambayanan. Samakatuwid, ang pinamamayaning sining ng bawat pelikula ay inaasahang nagbabago at/o nagpapabago o 'di kaya'y malaya at/o mapagpalaya. Bagaman hindi tuwirang tinukoy ang pelikula, mahalaga para kay Guillermo (1999) na nagpapabago at nagpapalaya ang sining:

> …artists perceived the need to develop the popular visual forms such as posters, portable murals, illustrations to reach a larger public. The artists created an art which aimed to awaken the socio-political consciousness of the larger public and to inspire revolutionary fervor in its roles as agent of change (p. 211).

Hindi lamang din ito simpleng pagtatanghal ng mga *motion picture* ngunit sa ilang pagkakataon, naiwawangis pa ng mga manonood ang kanilang mga sarili sa mismong mga karakter (Fearing, 1947). May *emotional attachment* 'ika nga–na kahit batid nilang piksiyonal lamang ang kalipunan ng pelikula, nasasalamin na rin nito ang tunay na karanasan at kabuluhan ng 'totoong buhay.' Katulad din ito ng pinatanyag na *imagined communities* (Anderson, 1983) na may tendensiyang isipin ng bawat pamayanan na sila'y magkakaugnay at/o nagkakaugnay dahil sa ipinawawangis na mga karanasan sa kasaysayan.

Malalim na rin ang ingklinasyon ng mga Pilipino sa pelikula. Iyon nga lang, sa unang dekada ng dantaon 21, muli na namang sinakyan ng mga Pilipino ang *'standardized periodization'* ng daigdig–isa na naman panibagong panahon at pananaw na nagpakilala sa inimbentong "*4th Industrial Revolution"* o *Industry 4.0* (see, Scwab & Davis, 2018) ng Kanluran na tinitingnan ang mobilidad at kaunlaran ng lipunan sa mas mabilis na daloy. Anopaman, apektado rito ang industriya ng pelikula. Madali na kasing mapanood ang mga ito dahil sa paglitaw ng *Netflix* at avanzadong mga teknolohiya. Lumihis tayo ng landas upang tumungo sa *Industry 4.0* na ito gayong may mga *unfinished business* pa ang ating kultura at lipunan. Sa pelikula halimbawa, napagtanto ng mga batikan (Lumbera, 2003; Deocampo, 2017) na may suliranin ang pag-aaral ng pelikula pagdating sa kabataan. Liban pa rito ang kasalatan ng mga babasahing kaugnay dito o 'di kaya'y dominante na rin ng kaisipang Kanluran. May katotohanan pa rin ito sa ilang pagkakataon. Ang pagkandirit ng kasalukuyang henerasyon tungo sa kaisipang Kanluranin ay nagdala tuloy sa kanila tungo sa pagkabalikwas sa lehitimong pamantayan ng pelikulang Pilipino. Laging nakaangkla ang ating pamantayan sa pelikula sa trajektori ng labas (lalo na sa Kanluran) (see, Nolledo, 1964; Hawkins, 2010; Dissanayake, 2017). Tingnan kung papaanong sa halip na bigyang-pugay ang *Trese* (Baldisimo & Tan, 2021) bilang kauna-unahang *Netflix Animated Series* sa Pilipinas, sa Timog Silangang Asya (at sa labas ng Japan), pinuna ng ilang manonood na 'hindi naman tunog-Japanese' ang boses ng bidang si Alexandra *Trese* (Tugano & Sajor-Tugano, 2021). Isa na ito marahil sa mga indikasyong hindi pa nilalagot ng mga Pilipino ang tanikala upang kumawala sa Eurosentrikong pamantayan. Mapagmalabis kasi kung sasabihing 'nangopya' ang mga Pilipino kaya't mas angkop gamitin ang tinawag ni Zeus Salazar (1998) bilang *'matalino at mahinahong pag-aangkin.'* Katulad ng pagdalumat ni Bhabha (1984) sa *mimic*

*culture* at ni Baudrillard (1981) sa *simulacra*, masusumpungan na may kakayahang sumalungat sa dominanteng kultura ang isa pang lipunan at malao'y aangkinin niya na ito bilang 'sarili' at 'hindi kopya.'

Nauunawaan pa kaya ng kasalukuyang henerasyon ang 'pelikulang Pilipino'? Tila umiiral ngayon ang pag-igpaw ng kuwantidad kompara sa kalidad. Maraming *short film, indie film,* at *documentary film* ang naisasantabi dulot ng popularidad ng ilang mga pelikulang halos ginamit halimbawa sa distorsiyonismong historikal. Sa ngayon, mala-algoritmong dumikit sa kamalayang panlipunan ang paglipana katulad ng mga pelikulang *Maid in Malacañang* (Yap, 2022) at *Martyr* or *Murderer* (Yap, 2023), isang direktang pagbura at/o lehitimasyon ng 'pagbabagong-bihis' ng diktaduryang Marcos at Batas Militar sa kabuoan. Ayon kay Atienza (2022), malawak na kinasangkapan ang mga pelikulang historikal bilang 'palundagang pansarili' o 'pansariling interes' upang pasiklabin ang sarili lalo na sa usaping politikal. Sinadya o hindi man ng tadhana, itong ilang mga aktor na nagsipagganap bilang bayani at tagapagtanggol sa mga piksiyonal na pelikula ay kakatwang mga naging mandarambong at trapo sa totoong buhay.

Binigyang-saysay ni Salazar (sinipi ni Sampaga, 2019) ang tambalan ng pelikula at historiograpiya –na mayroong panghihikayat na kumiling sa metodolohiyang pangkasaysayan. Palaging sinasabi ng "Ama ng Pantayong Pananaw" na katangian ng isang historyador ang pagiging hindi mapaniwalain. Sa pelikula, akma ang kritikang panloob sapagkat sinisipat dito ang motibo ng kumatha habang sinusuri ang katugmaan at/o kataliwasan nito sa mga posibleng katotohanan na isinisiwalat ng mga dokumento at iba pang ebidensiya:

> Una, ang saysay ng sinema bilang batis ng kasaysayan at tagapaglarawan ng isang partikular na panahon sa lipunan. Ikalawa ay kung paano tinitingnan ng historyador ang kapasidad ng sinema bilang tagapaglarawan ng kasaysayan. Kailangang madetermina sa ikalawa kung hanggang saan ba ang kayang maabot ng kapasidad ng sinema bilang midyum ng kasaysayan. Makatotohanan ba lagi ang representasyon ng sinema sa kasaysayan? Ano ang bentahe o disbentahe ng sinema kompara sa dokumento bilang midyum ng kasaysayan? (pp. 153-154).

At dahil ang pelikula ay isang sining, nagtaas na rin ito ng isang halagahing historikal habang humahalo rito ang kalikhaang katangian. Sa klasipikasyon ni Navarro (2008), tinatawag niya bilang *kasaysayan bilang konteksto* ang pagtingin sa kasaysayan bilang kaligiran habang isinasalaysay ang mga nagaganap sa pelikula. Samantalang *pelikula bilang tuwirang representasyon* naman ang

pagkakasalalay ng pelikula sa mga ipinagpapalagay na totoong kuwentong buhay ng mga kilalang personalidad (Navarro, 2008). Maraming paraan ang pagsusuri sa mga pelikula. Maaaring suriin ito batay sa (1) ideolohiya at teoryang pampanitikan–ito man ay isang lapit Marxismo, postkolonyal, Feminismo, Arketipal, o Moralismo; (2) pagbasa sa wika ng pelikula; at (3) sa mga estilo at tradisyon ng mga pambansang pelikula–kung ito man ay isang melodrama, katatakutan (*horror*), komedya (*comedy*), fantasya, o pelikulang bakbakan (Evasco et al., 2011).

Sa kabila ng pagkakahirati ng kasalukuyang henerasyon sa ilang pelikulang lumilihis sa kung ano ang "pelikulang Pilipino," na may moral at pinagsasandigang kamalayang panlipunan, may mga pelikula ring nararapat na maipaalala sa kabataan. Mga pelikulang minsan nang naging pinilakang tabing o mga pelikulang nagsisiwalat ng pangkabuoang karanasan at kamalayan (at/o ng buong sambayanan) at hindi dahil sa 'palundagang pansarili' (Atienza, 2022). Ang pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng mga pelikula sa iba't ibang dekada ay maituturo sa kapantasan ni Deocampo et al. (1985, 2003, 2011, 2016).

Isa sa mga *genre* na itatampok sa artikulong ito ay tumuon sa hanapbuhay at pag-ibig ng mga Pilipino. Batikan sa ganitong tema ng pelikula ang mga direktor na sina Chito Roño, Rory Quintos, at Olivia Lamasan (Tolentino, 2009) bagaman mas susuriin sa bahaging ito ang huli. Sa mga nauna kong pag-aaral (see, Tugano, 2021, 2023), dinalumat ang pagtatalaban sa pelikulang Pilipino ng mga naratibong tumuon sa paghanapbuhay at pag-ibig—o sa masaklaw nitong sariling likhang-neolohismong *diaspolove* (diaspora at *love*), ngunit may ilang preskripsiyon ang kailangang iatang sa ganitong pagtangkilik at pagsusuri:

> Sagrado ang mga pelikulang tumatalakay sa paghahanapbuhay, kaya't kailangan na maging maingat sa pagtangkilik. Kinilig ang manonood, kumita nang malaki sa takilya at naitanghal ang mga magagandang lugar [bakdrap], ngunit ano naman kaya ang benepisyong nakuha ng mga aktuwal na manggagawa matapos gawin ang pelikula? Narinig kaya sila? Nabago kaya ang sistemang pang-imigrasyon (o pangmanggagawa kaya?) o napatibay kaya ang oportunidad para sa kanila? Mahirap isipin kung sakaling ginawa lamang silang palamuti sa mga pelikula (Tugano, 2021).

Bahagya munang ililihis ang layunin ng artikulong ito sa nabanggit na pananaw. Ngunit, pangkalahatan munang susuriin ang tipolohiya ng mga pelikulang tumuon sa hanapbuhay at pag-ibig–sa direksiyon ng batikang si Lamasan. Una kong narinig ang tipolohiya sa lektura ni Mark Joseph Santos (2022) ng De La Salle

University (DLSU) at Philippine Women's University (PWU) sa kaniyang lekturang "Samahang Mesyaniko, Sekularisasyon, Kilusang Propaganda." Sa payak na pag-aaral nina Collier et al. (2009), mga tagapagsulong ng pamamaraang tipolohikal sa agham panlipunan—ang tipolohiya ay isang organisadong sistema ng mga tipo (types) (Collier et al., 2009, sinipi ni Santos, 2022). Lumitaw ito sa loob ng tradisyon ng kuwalitatibong uri ng pananaliksik at ginagamit upang organisahin at suriin ang mga kalat-kalat na idea tungo sa mas maayos na klasipikasyon at pag-uuri (Santos, 2022). Hinalimbawa rin sa lekturang ito ang naging metodolohiya ni Niebuhr (1975) na gumamit ng tipolohiya upang ipaliwanag ang iba't iba dulog upang masuri ang ugnayan ng Kristiyanismo (Kristiyanong etika), teolohiya, at kasaysayan. Impluwensiyal kay Niebuhr ang akdang *Psychological Types* (1921) ng sikolohistang si Carl Jung na nakapaglatag ng dalawang tipo ng personalidad ng tao—ang *extrovert* at *introvert* (Jung, 1921, sinipi ni Santos, 2022). Samakatuwid, ang tipolohiya na mula kay Jung (1921) at kinasangkapan nina Collier et al. (2009) at Niebuhr (1975)—kapwa sa agham panlipunan at teolohiya—ay maaaring magamit sa organisasyon at/o pag-uuri ng mga pelikulang Pilipino. Sa kasong ito, sa mga pelikula ni Lamasan.





*Diagram 1. diakroniko at sinkronikong daloy ng kuwentong pag-ibig at hanapbuhay (mula sa modelo ni Navarro, 2010)*

Gayundin, maaaring ihugpong ang pananaw na ito sa tinatawag na *bagtasang pangkasaysayan* at *ikutang pangyayari* (Navarro, 2010). Ayon kay Navarro (2010), tumutukoy ang una sa pagsasanib ng magkakaiba ngunit magkakaugnay na salik pangkasaysayan na nagkakasabay na kumikilos sa isang trajektori, samantala ang huli ay tumutukoy naman sa mga kaganapang nakapagdala ng pagbabago sa kasaysayan sa isang yugto kaugnay ng susunod pang mga yugto (pp. 44-45). Kung gayon, maaari ring ilatag sa isang peryodisasyon ang paghugpong ng kuwentong pag-ibig at kuwentong paghahanapbuhay ng mga Pilipino (diagram 1). Sa anyo ng

diakroniko, nasusuri ang bawat panahon ng magkakaugnay na pangyayari upang makita ang pangkasaysayang proseso ng mga pagbabago mula sa isang yugto tungo sa isa pang yugto (Navarro, 2010). Sa kasong ito, ang kuwentong pag-ibig ay nagkakaugnay at/o magkakaugnay sa kasaysayan. Tinatahak naman ng sinkroniko ang paglalarawan sa katangian at kalagayan ng bawat panahon na itinuturing na magkakasabay at magkakapantay na umusbong (Navarro, 2010). Naging tema ang pag-ibig sa pamumukadkad ng sinaunang pamayanang Pilipino, sa anyo ng mga salaysaying bayan. Susundan ng panahong kolonyal na sa kabila ng pandarahas ay nagpakilala ng ibang anyo ng kultura –ang *zarzuela* at *vaudeville* –na kapwa tematikong pumaksa sa pag-ibig. Panghuli, ang pagpasok ng kontemporanyong panahon na mula sa exploratoryong pagpapakilala ng sinema sa kasaysayan at napagtagumpayang maipagtambal ang kuwentong pag-ibig at kuwentong hanapbuhay, sa anyo ng mga OFW lalo na noong dekada 1970 hanggang sa kasalukuyan.

**Diaspora at Pelikula**

Isang laganap na diskurso ang paghahanapbuhay ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Bahagi ito ng tungkulin na makapagbigay ng kaginhawahan sa mga iniwanang pamilya sa pinagmulang bayan. Noong bahagi ng dekada 1970, naging diskurso ng bayan ang bultuhang magpadala ng migranteng manggagawang Pilipino sa ibayong dagat upang maging bahagi ng dayuhang lakas-paggawa. Sinasabing haligi ng ekonomiya ang *Overseas Filipino Workers* (OFW) dahil sa suportang ipinanghahalili sa pagkukulang ng bansa (Bansig at Marco, 2015), sa anyo halimbawa ng mga *remittance* lalo na noong dekada 1980-1990 (Advincula-Lopez, 2005). Naitala ang Pilipinas (kasama ang Mexico at India) sa mga bansang may pinakamalaking porsiyento ng pinaluluwas na migranteng manggagawa (San Juan, 2009; Tolentino, 2009). Sa ilalim ng ipinangangalandakang idea ng “globalisasyon” at “internasyonalisasyon,” naging egalitaryan na rin ang pagpapadalang ito. Maituturo sa diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr., lalo noong dekada 1970 (Dumia, 2009) ang pagkakaroon ng malawakang paghahanap ng trabaho sa hanay ng kalalakihang Pilipino sa Kanlurang Asya (o ang tradisyonal na tawag–*Middle East*) bilang pantapal sa umuunlad na industriya ng langis at gas lalo na sa Saudi Arabia. Ang naratibo ng mga manggagawang ito ay nabigyan ng representasyon sa pelikulang idinirehe ni Jose Javier Reyes–ang *Katas ng Saudi* (Reyes, 2007). Ito ay pinagbidahan ni Oca (Jinggoy Estrada). Iniwan ni Oca ang kaniyang tatlong anak at asawa upang magtrabaho sa Arabia (PEP, 2007).

Sa realidad, higit na marami ang mga pelikulang nagtampok sa migranteng kababaihang manggagawa at ang ila’y pumalo pa sa takilya (Nieva-Nishimori, 2018). Sampung taon makalipas noong 1970, pinahintulutan ng pambansang pamahalaan ang sektor ng kababaihan na makapagtrabaho sa ibang bansa (Lan,

2003; Encinas-Franco, 2016). Karamihan sa kababaihang ito ay naglingkod bilang mga *domestic helper*, nars, at *caregiver* (Choy, 2003; Tadiar, 2004). Gayundin sa Silangang Asya at Hilagang Amerika (Martin et al., 2004; Lukasiewicz, 2011). Sa mga susunod pang dekada, liban sa mga kuwentong pag-ibig, kinasangkapan din ng industriya ng pelikula ang karanasan ng mga migranteng manggagawa sa ibayong dagat (Martin et al., 2004) bagaman siklikal at paralisado na lamang ang temang naglalarawan sa kanilang mga naratibo katulad ng pagmamaltrato, pananamantala, pang-aabuso, at iba pang karahasan (Tabares, 2019). Gayong patuloy pa rin ang pagpapahirap na ito sa kababaihan. Tingnan bilang halimbawa ang kaso ng mga OFW na pinatay sa Kuwait–inilagay sa *freezer* ang isa at ang isa pa'y ginahasa, sinagasaan, at sinunog.

Una nang naging tipolohiya ang kabayanihan ng kababaihan. Kilala rito ang mga migranteng sina Flor Contemplacion at Delia Maga na kapwa nanilbihan sa Singapore at si Sarah Balabagan sa United Arab Emirates. Parehas na pinatay ang mga nasa Singapore samantalang suwerteng nabigyan ng amnestiya ang huli (Law & Nadeau, 1999). Sa mga taon ding iyon, lumabas sa takilya ang mga pelikulang *The Flor Contemplacion Story* (Lamangan, et al.,1995) na pinagbidahan ni Nora Aunor at *Victim No. 1: Delia Maga (Jesus, Pray for Us!)* (Caparas et al., 1995) kay Gina Alajar. Nasundan ito ng *The Sarah Balabagan Story* (Lamangan & Lee, 1997). Muling naitampok ang mga babae sa pelikulang *Caregiver* (Roño et al., 2008) hinggil sa buhay ni Sarah Gonzales (Sharon Cuneta) na sumabak bilang caregiver sa United Kingdom upang matutustusan ang anak at matulungan ang kaniyang asawa. Gayundin sa *A Mother's Story* (Lazatin & Que, 2011) na nagtampok kay Remedios Santos (Pokwang) bilang isang ilegal na migrante sa Estados Unidos. Kawangis nina Sarah at Remedios ang buhay ni Josie Agbisit (Vilma Santos) sa pelikulang *Anak* (Quintos et al., 2000) na namasukan bilang isang *domestic helper* sa Hong Kong upang matustusan ang kaniyang tatlong anak (Tolentino, 2009). Dominante ng temang matriyarkal ang mga pelikulang nabanggit. Pagtaas ito sa nauna nang natukoy bilang *feminization of migration* (Sobritchea, 2005; Kimuell-Gabriel, 2023). Ang ganitong malawakang mobilisasyon ng kababaihan ay siyang magpapalitaw sa panibagong penomeno ng mga *virile partner* (Pingol, 2000; Pe-Pua, 2015) o diskurso ukol sa mga naiwanang (left behind) asawang lalaki na silang inatasan sa malaking responsibilidad bilang ama at ina ng mga iniwanang anak ng kababaihan. Sa ganitong padron, patuloy na nagbabago ang imahen ng kababaihang manggagawa sa iba't ibang panahon (Aguilar, 2003), mula sa isang pagiging tradisyonal na asawa hanggang bilang isa ring ganap na manggagawa.

Sa ganito ring padron maiuuri ang mga pelikulang Pilipino na ipinamalas ng *Star Cinema*, partikular ang mga idinirehe ni Lamasan.

## *Love* at Pelikula

Likas sa mga Pilipino ang mataas na ingklinasyon sa usaping may kinalaman sa pag-ibig. Lumitaw ito sa iba't ibang uri ng salaysaying bayan–sa anyo halimbawa ng mga epiko, bugtong, alamat, at mga kaugnay (Eugenio, 2001a, 2001b, 2002, 2005). Isang pag-ibig din na maituturing ang pakikibaka ng mga sinaunang bayani sa pamayanang kinabibilangan na kagyat masasalamin sa paggigiit ng bayan sa panahon ng kolonyal na pandarahas. Higit ang mga sulatin at pilosopiya ni Emilio Jacinto noong 1896 (kina Schumacher, 1995; Gripaldo, 2001), na nagtanghal ng isang pag-ibig sa bayan bilang *'pag-ibig na walang makahihigit.'* Nasa anyo rin ng mga awitin ang pag-ibig–lalo na ang *kundiman,* hindi lamang sa dalawang taong nagmamahalan at/o nagliligawan ngunit maging sa radikal na pag-ibig para sa bayan (Niñeza-Anderson, 2015; Cabral, 2017). Malao'y idinambana rin ang mga kundiman bilang sandata ng pagtutol sa diktadurya ni Marcos noong panahon ng Batas Militar (Gimenez-Maceda, 2007).

Naipamalas nang higit ang Pilipinong pag-ibig sa mga panahon kung kailan bago-bago pa lamang ang pelikula sa Pilipinas halimbawa sa mga *cinematografo* o paghahalong *zarzuela* o bodabil (Fernandez, 1981). Sinundan ito ng natatanging kuwentong pag-ibig sa pelikula noong 1912. Pinangunahan ng direktor na si Edward Meyer Gross ang "kauna-unahang" pelikulang tumalakay sa buhay ni Rizal bilang *el martir*–ang *La Vida de Jose Rizal* (Fernandez, 1981; Deocampo, 2011) na bagaman pokus nito ang kabayanihang Rizal, higit na itinampok ang pag-iibigang Rizal at ng *dulce extranjerang* si Josephine Bracken (Deocampo, 2011). Iniangkop ng Amerikanong direktor ang pelikulang ito sa panlasang Pilipino sapagkat batid nila ang kinagigiliwang interes ng sambayanan. Nagpatuloy ang ganitong tema hanggang sa kontemporanyong panahon. Panahon din ng paglitaw ng pagkakahumaling ng mga Pilipino sa kaanyoang komedya, fantasya, at sa mga kuwentong pag-ibig (Valerio, 2013). Pag-ibig din (sa kapwa at bayang inaapi) ang tendensiyang tinutungo ng ilang pelikulang bakbakan at pakikipagsapalaran na sumesentro sa pagtatanggol sa inaaping bayan ng mga sirkumtansyang panlipunan (Salazar et al., 1989; Rodriguez, 2013).

Isa ako sa mga produkto ng transisyon ng dalawang siglo. Sa nasabing panahon, naglipana ang mga pelikulang pag-ibig. Lagi namin itong hinihintay noon. Sa panahon ng aking kamusmosan, may nasuri akong tatlong tipolohiya ng mga pelikulang pag-ibig o kahit pa sa mga teleseryeng Pilipino. Una, ang mga *kuwentong pag-ibig na hitik ng balakid* katulad ng *Pangako Sa 'Yo* (Quintos et al., 2000) na pinagbidahan nina Angelo Buenavista (Jericho Rosales) at Yna Macaspac (Kristine Hermosa). Simbolikal din dito ang tunggaliang Amor Powers (Eula Valdez) at Claudia Buenavista (Jean Garcia). Si Hermosa ay naging bida muli sa *Gulong ng Palad* (Salud et al., 2006) bilang si Luisa Medel, kasama si

Carding Medel (TJ Trinidad).

Ikalawa, ang mga *kuwentong pag-ibig na mula sa ibang bayan* na isinalin sa wikang F/Pilipino katulad ng *Stairway to Heaven* (Jang-soo & Hye-kyung, 2003), ukol sa pag-iibigan nina Cha Song-joo (Kwon Sang-woo) at Kim Ji-soo (Choi Ji-woo) at *Full House* (Min-soo & Hyo-jung, 2004) nina Rain (Lee Young-jae) at Han Ji-eun (Song)–na kapwa mula sa South Korea. Gayundin ang nagmula sa Colombia na *Pasion de Gavilanes* na naging *Pasion de Amor* (Triana et al., 2003) sa Pilipinas. Ito ay tungkol sa trikotomiyang pag-ibig ng tatlong magkakapatid na lalaki (Juan, Oscar, at Franco) sa tatlo ring magkakapatid na babae (Norma, Jimena, at Sarita).

Ikatlo, ang habituwal na paglabas ng mga pelikulang prinodyus ng *Star Cinema* o *ABS-CBN Film Productions, Inc.* Mula rito, may dalawa pang mahuhugot na sub-katangiang tipolohikal ang tema ng mga pelikulang pag-ibig. Ang unang katangian ay naglalaman ng malinaw o 'tukoy nang' twist ng mga kaganapan. Maihahanay ito sa tinatawag na *three-act structure* ng *Aristotelian dramaturgy*. Una itong ipinaliwanag ni Tolentino (2007), na aniya'y may katiyakan sa unang kinse minutos ang pangunahing problema ng mga karakter at darating pagkatapos ng isang oras ang sukdulang problema. Samantala, mababakas naman sa huling limang minuto ang pakikipagsapalaran at paghahanap ng solusyon (Tolentino, 2007). Ang ikalawang katangian ay sumentro sa samo't saring hadlang ng pag-iibigan ng dalawang karakter. Malayo sa lente ng mga pelikulang labas sa Pilipinas na kadalasa'y palaisipan pa ang daloy ng kuwento, ang sa atin ay tiyak at/o paulit-ulit ding mga suliranin. Sa paliwanag ni Mojares (2017), tinatawag niya itong *gugmang kabus*–isang *sub-genre* ng mga kuwentong pag-ibig. Kaniyang tinukoy ang mga tipikal na suliranin sa pag-ibig katulad ng magkaibang katayoang panlipunan [kadalasa'y mahirap ang lalaki at mayaman ang babae]; ang magulang [kadalasan sa panig ng babae] ay tutol sa kanilang pagmamahalan; at 'di kaya'y mayroong isang mayamang karibal sa pag-ibig ang bidang lalaki (Mojares, 2017).


Marami sa mga pelikulang itinampok ng *Star Cinema* ay nakitaan ng ganitong tunguhin. Liban sa pagiging hadlang ng mga magulang sa pag-iibigang Pilipino, paksa na rin ang kuwento ng *pagmomoved-on*, pagiging manggagamit (*user*) ng isang karelasyon, pagtatraydor ng isang matalik na kaibigang nang-agaw ng asawa at/o nobyo/a; at ang iba'y tungkol sa pag-ibig ng parehong kasarian. Ganito ang kadalasang itinampok ng *Star Cinema*. Kabilang dito ang *Got 2 Believe* (Lamasan, 2002), kuwentong pag-ibig nina Toni (Claudine Barretto) at Lorenz (Rico Yan); *One More Chance* (Garcia-Molina et al., 2007) ng tampok na sina Popoy (John Lloyd Cruz) at Basha (Bea Alonzo) na magkakaroon ng sekwel na *A Second Chance* (Garcia-Molina et al., 2015); *A Very Special Love* (Garcia-Molina & dela Torre, 2008) nina Laida (Sarah Geronimo) at Miggy (John Lloyd Cruz) na sinundan ng mga sekwel na *You Changed my Life* (Garcia-Molina & dela Torre,

2009) at *It Takes a Man and a Woman* (Garcia-Molina & Raymundo, 2013); *That Thing Called Tadhana* (Jadaone, 2014) nina Mace (Angelica Panganiban) at Anthony (JM De Guzman); *Kita Kita* (Bernardo, 2017) nina Lea (Alessandra de Rossi) at Tonyo (Empoy Marquez); *My Ex and Whys* (Garcia-Molina et al., 2017) nina Cali (Liza Soberano) at Gio (Enrique Gil); at iba pa. Noong 2019, pumatok din sa takilya ang *Hello, Love, Goodbye* (Garcia-Molina et al., 2019) nina Joy Marie (Kathryn Bernardo) at Ethan (Alden Richards), ang sinasabing pinakamalaking kita sa kasaysayan ng pelikulang Pilipino (Severo, 2019).

Kinasangkapan din ng *Star Cinema* ang mga noo'y napapanahong kuwentong pag-ibig na mababasa sa *social media* partikular na sa *wattpad*. Sa pamamagitan ng *wattpad*, nakapaglalahad ng personal na kuwento ang isang tao (Davies, 2017). Kaya't naitampok kinalaonan ang mga pelikulang *She's Dating the Gangster* (Garcia-Molina et al., 2014) nina Athena (Kathryn Bernardo) at Kenji (Daniel Padilla); *Just The Way You Are* (Boborol et al., 2015) nina Pie (Liza Soberano) at Draky (Enrique Gil); at *Ex with Benefits* (Santos et al., 2015) nina Arkisha (Coleen Garcia) at Adam (Derek Ramsay).

**Mga Pelikulang Lamasan ukol sa Hanapbuhay at Pag-ibig**

Malaki ang naging impluwensiya ng ina ni Lamasan sa kaniyang maagang pagkahumaling sa pelikula. Masugid na tagahanga ni Nora Aunor ang kaniyang ina. Lagi niyang dinadala ang batang si Lamasan sa tuwing ipinapalabas ang mga pelikula ni Nora (Tariman, 2014). Mula taong 1994 hanggang sa kasalukuyan, may labindalawang pelikula (larawan 1) nang idinirihe si Lamasan (LB, w.tn.; Cagape, 2018). Sa pangkabuoan, ito ay tumuon sa kuwentong pag-ibig na tipolohikal na nahahati batay sa tema– (1) *pampamilyang pag-ibig;* (2) *bawal na pag-ibig;* at (3) *romantikong pag-ibig* (diagram 2). Kalimitan din itong ipinaghuhugpong ni Lamasan sa kuwento ng paghahanapbuhay.




*Larawan 1. Mga pelikula ni Olivia Lamasan (Letterboxd, w.tn.)*





*Diagram 2. Tipolohiya ng mga pelikula ni Lamasan (1994-2016)*

***Pampamilyang Pag-ibig.*** Ilan sa halimbawa ng mga pampamilyang pag-ibig ay ang unang pelikulang idinirihe ni Lamasan–ang *Maalaala Mo Kaya* (Lamasan, 1994). Patungkol ito sa buhay ng isang inang si Marissa (Chinchin Gutierrez) na napilitang pumunta ng Japan upang maglingkod bilang isang *entertainer,* isang trabahong laganap sa nasabing bansa (Kikuchi, 1999). Iniwan niya ang kaniyang anak na si BJ (Karl Angelo Legaspi) sa kaniyang pinsang si Ana (Aiko Melendez). Sa hindi pagbabalik ni Marissa, inako ni Ana ang responsibilidad bilang "pangalawang ina" ni BJ. Kalaona'y muling lilitaw si Marissa habang binabawi si BJ–isang engkuwentrong mamamagitan sa dalawang ina. Ang ganitong penomeno ng *parental absence and migration* ay tipikal sa mga Pilipinong magulang na nawalay sa kanilang mga anak (*children left behind*) (Battistella &

Conaco, 1998; Asis & Ruiz-Marave, 2013). Kawangis ito ng pelikulang *Madrasta* (Lamasan & Lee, 1996). Patungkol ito sa kung papaano matatanggap si Mariel (Sharon Cuneta) bilang ikalawang ina ng mga anak ni Edward (Christopher de Leon). Sinagot ng pelikula ang miskonsepto at/o esteriotipong pananaw sa isang "Madrasta" bilang "mapanakit" at "pamalit sa unang asawa." Taong 2012, ang parehong *twist* ng pag-ibig sa pagitan ng madrasta at mga "inakong anak" ay mapapansin din sa teleseryeng *Be Careful with my Heart* (Jeturian et al., 2012) na pinagbidahan nina Maya (Jodi Sta. Maria) at Sir Chief (Richard Yap).

Tinungo naman ng *Hanggang Kailan Kita Mamahalin* (Lamasan & Lee, 2000a) ang isang katangian ng mag-asawang Pilipino pagdating sa paghahanapbuhay. Bumalikwas ito sa isang tradisyonal na pagtingin sa *labor force* na nakabatay sa kasarian (Gultiano, 1999)–*i.e.* nasa tahanan ang mga babae samantalang nasa trabaho ang kalalakihan. Nilampasan sa karera ni Lisa (Lorna Tolentino) ang kaniyang asawang si Mike (Richard Gomez). Gayumpaman, iba ito sa *virile partner* (Pingol, 2000). Si Lisa ay isang halimbawa ng mga babaeng tinawag ng paggawa upang punan ang 'di-sapat na pamumuhay ng pamilyang Pilipino. Indikasyon kumbaga ang pelikulang ito na nagbabago na kasabay ng demograpiya, ang kahulugan ng "pamilya" at paghahanapbuhay. Ang paglaki ng bilang ng kababaihan sa paggawa, *single-parent homes*, migrasyon, at ang globalisasyon –ay ilan sa itinuturong salik ng pagbabago sa depinisyon ng "pamilya" at "obligasyon ng bawat pamilya" (Alampay & Jocson, 2011).

***Bawal na Pag-ibig.*** Hinawan din ng ilang pelikula ang realidad ng lipunang Pilipino hinggil sa "*ipinagbabawal na uri ng pag-ibig"*–ito ay sa anyo ng pangangaliwa o pangangabit. Sinisikil mismo ng batas ang karapatan ng bawat mag-asawang lumaya mula sa relasyong hindi na kailanman maibabalik sa kaayosan. Ang Pilipinas ay bukod tanging bansa sa daigdig (kasama ng Vatican City) ang hindi kumikilala sa legalidad ng diborsiyo bagaman mayroon tayong *annulment and declaration of nullity* ngunit ito ay komplikado at napakamahal (Abalos, 2017). Ito ang dahilan kung bakit marami sa mga mag-asawang Pilipino ay "ipinipilit" at "tinitiis" na lamang ang kanilang pagsasama. Kaakibat din nito ang pagsasakripisyo ng personal na kasiyahan at kalayaan. Katulad ng pelikulang *Minsan Minahal Kita* (Lamasan & Lee, 2000b), ang perpekto sanang relasyon nina Dianne (Sharon Cuneta) at Albert (Richard Gomez) ay naudlot dulot ng sapilitang pagpapakasal ng una kay Louie (Edu Manzano)–isang asawang mababa ang tingin sa kakayahan ng isang babae. Katulad din ito ng *In the Name of Love* (Lamasan et al., 2011), tungkol sa anak ng politikong si Dylan (Jake Cuenca) habang kasal kay Cedes (Angel Locsin) ay nahulog ang loob ng huli kay Emman (Aga Muhlach). Ani Cedes, "*mas pinili kong mamatay para mabuhay ka* (Emman)." Isang indikasyon ng pagpaparaya. Gayundin ang *The Mistress* (Lamasan et al., 2012) na nagsiwalat sa buhay ni Sari (Bea Alonzo), bilang isang kabit ng matandang si Rico (Ronaldo

Valdez). Ang pagiging “kabit” ni Sari ay siyang sumasagka sa kagustuhan niyang mahalin ang mangingibig na si JD (John Lloyd Cruz).

Sina Dianne, Cedes, at Sari ay ilan sa mga halimbawa ng kababaihang tinalikdan ang *“bawal na pag-ibig”* habang isinasakripisyo ang sariling kasiyahan para sa mga tunay nilang minamahal. Samantalang *boy version* ng mga ito si Marco (Piolo Pascual) ng *Starting Over Again* (Lamasan et al., 2014). Siya ay tinalikuran ng nobyang si Ginny (Toni Gonzaga) sa kadahilanang “nawawalan” ng direksiyon ang buhay at pangarap ni Marco. Sa pagiging matagumpay ni Marco sa buhay, nais siyang muling balikan ni Ginny. Gayumpaman, kahit mahal pa rin ng lalaki ang dating nobya, mas pinili niyang pakasalan si Patty (Iza Calzado), ang babaeng kumanlong sa kaniyang noo’y pagkakalugmok.

Hindi karaniwan ang pangangaliwa o pangangabit sa ating lipunan, gayumpaman, umiral na ito sa kasaysayan at kalinangan. May karanasan halimbawa ang sinaunang pamayanang Pilipino sa ganitong gawain–kaya nga’t ikinabit ng mga Español ang ganitong kostumbre bilang isang kasalanan. Mula doo’y nabuo ang mga konseptong *inaafava* (inaasawa), *calunia* (kalunya), *caapid* (kaapid), *calaguyo* (kalaguyo), at iba pa (Kimuell-Gabriel, 2011). Maging ang pag-aaral ni Javar (2018) ay sumuri rin sa kung papaano itrinatrato at inilulugar sa mga naratibong pangkasaysayan ang pambababae ng mga dating Pangulong sina Marcos, Sr. at Manuel Quezon. Samakatuwid, hindi lamang nagkataon ang tema ng mga pelikulang ito ni Lamasan, sapagkat direkta nitong inilarawan ang realidad ng lipunan. Dagdag pa, lumitaw sa mga sumunod na taon ang mga pelikulang may ganoon ding tema–*One More Try* (Bayani et al., 2012), *Etiquette for Mistresses* (Roño et al., 2015), *The Love Affair* (Naval & Valdez, 2015), *The Unmarried Wife* (de los Reyes et al., 2016), at *Ten Little Mistresses* (Lana, 2023).

***Romantikong Pag-ibig.*** Makabubuo rin ng isa pang tema mula sa mga pelikula ni Lamasan–ang romantikong pag-ibig. Kaiba ito sa *pampamilyang pag-ibig at ipinagbabawal na pag-ibig* sapagkat ani Tan et al. (2001):

> …romantic love is pervasive, affecting the discourse about dating, courtship, and marriage. Because of this, we probed into young adult ideas about love, asking them to differentiate love for parents from romantic love (p. 82).

Dagdag pa ni Reyes (1991) sa kaniyang *The Romance Mode in Philippine Popular Culture:*

> The romance was not only meant to entertain, but perhaps more importantly to assume an active role in the people's education. It was by endowing the works with a nostalgic haze, the idealized setting far back in time and the blurred sense of the historical landscape—that the romance succeeded in forging links with the audience, especially in the succeeding centuries when the works had acquired glamour and attained respectability (p. 27).

Samakatuwid, isang uri ng romantikong pag-ibig ang tinatawag na *Generation Y and Brand Love* (Rodrigues et al., 2022). Hindi ito uri ng pag-ibig na pumapatungkol sa pagmamahalan ng mag-asawa, inaasawa, o mga kapamilya. Sa yugtong ito, sinusubok ng kabataan o mga *young adult* (Tan et al., 2001) ang kanilang sarili bago pasukin ang panahon ng pag-aasawa. Kasabay ng kabantugan ng ilang kabataang artista ng kanilang panahon, makikita sa pelikulang *Got 2 Believe* (Lamasan, 2002) ang romantikong pag-ibig nina Lorenz (Rico Yan) at Toni (Claudine Barretto). Nagkakilala ang dalawa sa isang kasal sapagkat si Lorenz ay isang maniniyot (*photographer*). Ito ang panahon kung kailan nababahala si Toni na hindi makahanap ng mapapangasawa–isang sumpa para sa kanilang pamilya. Larawan kung gayon, ang pelikulang ito ng kulturang Pilipino hinggil sa pang-uudyok sa isang *young adult* na mag-asawa upang maiwasan ang pagiging matandang binata (*bachelor*) o dalaga (*spinster*).

Ebolusyonal ang pagkakatahak ng pelikula ni Lamasan pagkatapos nito sapagkat kaniyang iniangkla sa naratibo ng mga migranteng manggagawa. Bagaman una nang ipinakita sa *Sana Maulit Muli* (Lamasan et al., 1995) ang kuwento nina Agnes (Lea Salonga) at Jerry (Aga Muhlach) hinggil sa kanilang pakikibaka sa Estados Unidos (Tugano, 2023), nagkaroon pa muli ito ng apat na pelikulang halos kawangis nito. Una na rito ang *Milan* (Lamasan et al., 2004) nina Jenny (Claudine Barretto) at Lino (Piolo Pascual) sa Milan, Italy at *Barcelona: A Love Untold* (Lamasan et al., 2016) nina Mia (Kathryn Bernardo) at Ely (Daniel Padilla) sa España–ang dalawang bansa sa Europa na maituturing bilang pinakamalaking konsentrasyon ng mga migranteng manggagawa (Pe-Pua, 2015). Sa kabila ng mga kuwentong pag-ibig hinggil sa *unexpected love*, pag-ibig na nagpapatawad, at pag-ibig na kusang nanunumbalik–na talamak sa panlasang Pilipino (Reyes, 1984; de Manuel, 1994), ipinamalas ng mga pelikulang ito ang realidad ng mga OFW sa uri ng trabaho, benepisyo, at karanasan sa Europa (Tugano, 2021, 2023). Sina Agnes, Jenny, at Mia ay ilan sa mga halimbawa ng kababaihang nagsakripisyo ng buhay-pag-ibig (sa pamilya at kapares) upang harapin ang oportunidad sa ibayong dagat.

Kaiba ito sa kuwentong pag-ibig ng mga homoseksuwal na sina Noel (John Lloyd Cruz) at Mark (Luis Manzano) sa pelikulang *In My Life* (Lamasan et al., 2009). Hinggil naman ito repleksiyon ng buhay ng mga ilegal na manggagawang Pilipino sa Estados Unidos na umaasa sa biyaya ng *fraudulent marriage* o *sham marriage* upang makakuha ng *conditional green card* sa Amerika. Gayumpaman, itinampok pa rin dito ang pagmamahalan sa pagitan ng dalawang magkatulad ng kasarian.

**Pagtatapos**

Ang Pilipinas ay nasa panahon ngayon kung kailan sinusubok ang pananaw, paniniwala, at sosyo-politikal na kamalayan sa lipunang kinabibilangan. Makapangyarihan ang pelikulang nagmistulang salamin ng realidad, bagaman, mananatiling bukas sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay ng mga aral. Nasa panahon din tayo ng kaliwa't kanang paglitaw ng mga pelikulang walang kalidad, sa kabiguang makapagbigay ng aral sa kalagayang panlipunan; mga pelikulang halos karahasan at impunidad ang ipinamamayani, sa anyo ng mga *insensitive humor,* at *sexist humor;* at mga pelikulang lumitaw dulot ng kuwalidad at hindi ng kalidad! Marami sa mga pelikulang Pilipino, lalo na ang nasa *indie film* ang tunay na nakapagsisiwalat ng katotohanang danas ng sambayanan. Ilan lamang ang mga pelikula ni Lamasan sa posibleng mapaghuhugutan ng aral kaugnay ng kamalayan at kaisipang Pilipino ukol sa pag-ibig at hanapbuhay. Kaya't mahalaga ngayon ang mga *digital restoration* ng mga "lumang" pelikula upang mabatid ng ilang kabataan ang danas ng mga Pilipino sa nagdaang panahon–ilang kabataang nahihirati sa mga *fake news, historical distortions,* karahasan, at kaparārakang idea at moda ng pagpapakatao.

Sa panimulang artikulo na ito, sinikap na mailatag ang saysay ng tipolohiya sa organisadong pag-uuri sa mga pelikulang idinirehe ni Lamasan. Isang teoretikal na posibilidad na maaaring maipakilala sa mas malaya at/o mapagpalayang kritisismong pampelikula sa Pilipinas. Marami nang naging pag-aaral o pagsusuri sa mga espesipikong pelikula ukol sa pag-ibig, paghahanapbuhay, at/o pagtatalaban ng pag-ibig at hanapbuhay ngunit wala pa ang tumatrabaho at nagbibigay-pansin sa tipolohikal na pagsusuri rito gayong laganap ito sa mga disiplina sa agham panlipunan, teolohiya, at humanidades. Hindi rin naman sinasabing ganap na tinugunan ng artikulong ito ang nasabing puwang ngunit isa lamang itong preskripsiyong naglalayong suriin sa antas ng organisadong pagkakasalansan at/o pag-uuri sa mga pelikulang Pilipino. Sa pamamagitan ng tipolohiya, nagiging adbentahe nito na matukoy kung anong uri at laganap na naratibo ng kamalayan at karanasan mayroon ang isang lipunang sinasagisag ng mga pelikula.

## References

### Mga Babasahin at Lektura


Abalos, J. (2017). Divorce and separation in the Philippines: Trends and correlates. *Demographic Research, 36*(50),1515-1548.

Advincula-Lopez, L. (2005). OFW Remittances, community, social and personal services and the growth of social capital. *Philippine Sociological Review 53*(1), 58-74.

Aguilar, F. (2003). Global migrations, old forms of labor, and new transborder class relations. *Southeast Asian Studies, 41*(2), 137-161.

Alampay, L.P., & Jocson, M.R. (2011). Attributions and attitudes of mothers and fathers in the Philippines. *Parenting, 11*(2-3), 163-176.

Anderson, B. (1983). *Imagined communities: Reflections on the origin and spread of nationalism.* Verso.

Asis, M., & Ruiz-Marave, C. (2013). Leaving a legacy: Parental migration and school outcomes among young children in the Philippines. *Asian and Pacific Migration Journal, 22*(3), 349-376.

Atienza, J.A. (2022). Isang panimulang pag-aaral sa pelikulang historikal ng sineng Pilipino. Tala Kasaysayan: An Online Journal of History, 5(1), 140-165.

Bansig, A., & Marco, D. (2015). *The image of Overseas Filipino Workers (OFW) as reflected in Philippine children's literature: A contextual analysis.* The Asian Conference on Literature & Librarianship.

Battistella, G., & Conaco, M. (1998). The impact of labour migration on the children left behind: A study of elementary school children in the Philippines. *Sojourn: Journal of Social Issues in Southeast Asia, 13*(2), 220-241.

Baudrillard, J. (1981). *Simulacra and simulation,* S. Glaser (trans.). Michigan University Press.

Bhabha, H. (1984). Of mimicry and man: The ambivalence of colonial discourse. *Discipleship: A Special Issue on Psychoanalysis, 28*(1), 25-133.

Cabral, A. (2017, February 9). *The evolution of the Filipino Love Song.* CNN Life Philippines. www.cnnphilippines.com/life/entertainment/music/2017/02/09/evolution-of-the-filipino-love-song.html.

Cagape, T. (2018, October 10). *Catch Olivia Lamasan's heartwarming movies on Cinema One Masters Block.* Cinema One. https://cablechannels.abs-cbn.com/cinemaone/articles/ olivia-lamasan-movie-347/.

Choy, C. (2003). *Empire of care: Nursing and migration in Filipino American history.* Ateneo de Manila University Press.

Collier, D. et al. (2009). Typologies: Forming concepts and creating categorical variables. In Box-Steffensmeier, J., H. Brady & D. Collier (Eds.), *The Oxford handbook of political methodology* (pp. 152-173). Oxford University Press.

Davies, R. (2017). Collaborative production and the transformation of publishing: The case of Wattpad. In Graham, J., & A. Gandini (Eds.), *Collaborative production in the creative industries* (pp. 51-68). University of Westminster Press.

Deocampo, N. (2003). *Cine: Spanish influences on early cinema in the Philippines.* Anvil Publishing.

Deocampo, N. (2011). *Film: American influences on Philippine Cinema.* Anvil Publishing.

Deocampo, N. (2016). EIGA: Cinema in the Philippines during World War II. Anvil Publishing.

Deocampo, N. (2017). Introduction: The beginnings of Cinema in Asia. In Deocampo, N. (Ed.), *Early cinema in Asia* (pp. 1-31). Indiana University Press.

Deocampo, N., & Yuson, A. (1985). *Short film: Emergence of a new Philippine Cinema.* Communication Foundation for Asia.

Dissanayake, W. (2017). Early Asian cinema and the public sphere. In Deocampo, N. (Ed.), *Early cinema in Asia* (pp. 32-70). Indiana University Press.

Dumia, M. (2009). *Of dreams, sweat, and tears: The Kingdom of Saudi Arabia and the modern Filipino heroes.* New Day Publishers.

Encinas-Franco, J. (2016). Filipino women migrant workers and overseas employment policy: An analysis from women's rights perspective. *Asian Politics & Policy, 8*(3), 494-501.

Eugenio, D. (compiler & ed.). (2001a). *Philippine folk literature series; Vol. IV: The folk tales.* University of the Philippines Press.

Eugenio, D. (2001b). *Philippine folk literature series; Vol. II: The myths.* University of the Philippines Press.

Eugenio, D. (2002). *Philippine folk literature Series; Vol. VI: The proverbs.* University of the Philippines Press.

Eugenio, D. (2005). *Philippine folk literature series; Vol. V: The riddles.* University of the Philippines Press.

Evasco, E. et al. (2011). *Saliksik: Gabay sa pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan, at sining.* C & E Publishing.

Fearing, F. (1947). Influence of the movies on attitudes and behavior. *The Annals of the American Academy of Political and Social Science, 254*(1), 70-79.

Fernandez, D. (1981). Philippine popular culture: Dimensions and directions, the state of research in Philippine Popular Culture. *Philippine Studies, 29*(1), 26-44.

Gimenez-Maceda, T. (2007). Problematizing the popular: The dynamics of Pinoy pop(ular) music and popular protest music. *Inter-Asia Cultural Studies, 8*(3), 390-413.

Gripaldo, R. (2001). *Liberty and love: The political and ethical philosophy of Emilio Jacinto.* De La Salle University Press.

Guillermo, A. (1999). The visual arts during the Marcos Regime. In Office of Research and Publications (Ed.), *Memory, truth telling, and the pursuit of justice: A conference on the legacies of the Marcos dictatorship* (pp. 211-261). Center for Media Freedom and Responsibility, Ateneo de Manila University.

Gultiano, S. (1999). Husbands' views on family planning and labor force participation of wives in Metro Cebu, The Philippines. *Philippine Quarterly of Culture and Society, 27*(3-4), 133-160.

Hawkins, M. (2010). Our men in Manila: The Secret Agent Film Craze of the 1960s in the Philippine postcolonial imagination. *Philippine Studies, 58*(3), 349-381.

Javar, R. (2018). Donjuanismo sa mga naratibo: Pananalaysay sa pambababae nina Manuel Quezon at Ferdinand Marcos sa mga talambuhay. *Diliman Gender Review, 1*(1), 16-51.

Jung, C. (1921). *Psychological types.* Routledge.

Kikuchi, K. (1999). Filipina migrant workers on the periphery. *U.S.-Japan Women's Journal, 16*(1), 138-158.

Kimuell-Gabriel, N. (2011). Asawa at inaasawa: Ang kalaguyo sa kasaysayan mula prekolonyal hanggang pananakop ng Kastila. *Scientia Journal Special Issue,* 153-190.

Kimuell-Gabriel, N. (2023). Ang paglabas ng bansa bilang pagpasok sa realidad ng manggagawa at kababaihan sa buong daigdig. In Tugano, A.C. (Ed.), *Banwa at layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga pilipino sa ibayong Dagat* (pp. 96-102). Limbagang Pangkasaysayan.

Lan, P. (2003). Maid or madam? Filipina migrant workers and the continuity of domestic labor. *Gender and Society, 17*(2), 187-208.

Law, L., & Nadeau, K. (1999). Globalization, migration and class struggles: NGO mobilization for domestic workers. *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies, 14*(1-2), 51-68.

Letter Boxd (LB). (w.tn.). *Films directed by Olivia Lamasan.* Letterboxd. https://letterboxd.com/director/olivia-m-lamasan/.

Lukasiewicz, A. (2011). Migration and gender identity in the rural Philippines: Households with farming wives and migrant husbands. *Critical Asian Studies, 43*(4), 577-593.

Lumbera, B. (2003). Foreword. In Deocampo, N. (auth.), *Cine: Spanish influences on early cinema in the Philippines* (pp. ix-xi). Anvil Publishing.

Manuel, D de. (1994). Marriage in Philippine-American fiction. Philippine Studies, 42(2), 210-216.

Martin, P. et al. (2004). Best practice to manage migration: The Philippines. *The International Migration Review, 38*(4), 1544-1560.

Mojares, R. (2017). *Interrogations in Philippine cultural history: The Ateneo de Manila Lectures.* Ateneo de Manila University Press.

Navarro, A. (2008). Kasaysayan at pelikula: Panonood-pelikula sa pagtuturo ng bagong kasaysayan. In Navarro, A., A. Campomanes, & J.L. Candelaria (Eds.), *Kaalaman at pamamaraan sa pagtuturo ng kasaysayan* (pp. 133-138). Limbagang Pangkasaysayan.

Navarro, A. (2010). Pagpapanahon ng kasaysayang Asyano. In Salazar, Z., A. Navarro, S. Maminta, & L.R. Ubaldo (auth.), *Asya: Kasaysayan at kabihasnan* (pp. 43-52). Abiva Publishing House.

Niebuhr, H.R. (1975). *Christ and culture.* Harper Collins Publishers.

Nieva-Nishimori, A. (2018, July 11). LIST: *New OFW movies that tug at the heartstrings.* ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/life/07/11/18/list-new-ofw-movies-that-tug-at-the-heartstrings.

Niñeza-Anderson, Q. (2015). Kundiman love songs from the Philippines: Their development from folksong to art song and an examination of representative repertoire. Dissertation. Musical Arts, University of Iowa.

Nolledo, W.  (1964). The Philippines goes Hollywood- with a bang! *Philippines Free Press, 10*(1), 47-49.

Pe-Pua, R. (2015). Asawa, ina, at katulong: Ang tatluhang papel ng mga domestikong manggagawang Pilipina sa España at Italya. In Navarro, A., M.J. Rodriguez-Tatel, at V. Villan (Eds.), *Pantayong pananaw: Pagyabong ng talastasan; pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling pangkapaligiran, pilipinolohiya, sikolohiyang Pilipino, pilosopiyang Pilipino, at araling kabanwahan* (pp. 351-379). Bagong Kasaysayan.

Philippine Entertainment Portal (PEP). (2007, December 26). *Katas ng Saudi tackes lives of returning OFWs.* Philippine Entertainment Portal. www.pep.ph/guide/movies/ 1447/katas-ng-saudi-tackles-lives-of-returning-ofws.

Pingol, A. (2000). Ilocano masculinities. *Asian Studies, 36*(1),123-134.

Reyes, S. (1984). *The romance mode in Philippine popular literature*. *Philippine Studies, 32*(2), 163-180.

Reyes, S. (1991). The romance mode in Philippine Popular Literature. De La Salle University Press.

Rodrigues, P. et al. (2022). Generation Y and brand love: Understanding the effects of individual cultural values and religious commitment. *Journal of Creative Communications* (forthcoming).

Rodriguez, R. (2013). Representasyon ng pagkalalaki sa pelikulang bakbakan ni FPJ. *Plaridel, 10*(2), 97-114.

Salazar, Z. (1998). *The Malayan connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Z. et al. (1989). *Unang pagtingin sa pelikulang bakbakan*. Museo ng Kalinangang Pilipino.

Sampaga, A.J. et al. (2019). Sinema at sekta bilang batis pangkasaysayan. In Santos, M.J., & A.C. Tugano (Eds.), *Martes sa Escaler: Klase sa historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (pp. 153-159). Bagong Kasaysayan.

San Juan, E. Jr. (2009). Overseas Filipino workers: The making of an Asian-Pacific Diaspora. *The Global South, 3*(2), 99-129.

Santiago, A. (2019). Philippine cinema and Marcos. Pelikula lektura: UPFI Philippine cinema centennial lecture series. College of Communication, University of the Philippines, Diliman.

Santos, M.J. (2022). Samahang mesyaniko, sekularisasyon, kilusang propaganda: Tipolohiya ng mga Pilipinong dulog sa Kristiyanismo sa Ika-19 na dantaon kaugnay ng Europa bilang kontekstong kabanwahan. *Pagpopook kay Jose Rizal: Tungo sa Araling Kabanwahan ng Dantaon Lecture.* University of the Philippines, Manila.

Schumacher, J. (1995). The civil and religious ethic of Emilio Jacinto. *Landas Journal, 9*(1), 37-52.

Schwab, K., & Davis, N. (2018). *Shaping the fourth industrial revolution.* World Economic Forum.

Severo, J. (2019, September 3). *Hello, Love, Goodbye now officially highest-grossing Filipino Film.* Phil Star Global. hwww.philstar.com/entertainment/2019/09/03/1948781/hello-love-goodbye-now-officially-highest-grossing-filipino-film.

Sobritchea, C. (2005). *A study of opportunities for women in TWCs 12 Trade Areas.* Japan International Cooperation Agency & TESDA Women Center.

Tabares, N. (2019, July 15). *The Good & The Bad Side of Being an Overseas Filipino Worker in OFW the Movie.* Pelikula Mania. https://pelikulamania.com/2019/06/15/the-good-the-bad-side-of-being-an-overseas-filipino-worker-in-ofw-the-movie/.

Tadiar, N. (2004). Domestic bodies. In Tadiar, N.X. (Ed.), *Fantasy production: Sexual economies and other Philippine consequences for the new world order* (pp. 113-150). Hong Kong University Press.

Tan, M. et al. (2001). *Love & desire: Young Filipinos and sexual risks.* University Center for Women's Studies, University of the Philippines.

Tariman, P. (2014, February 10). *The film education of Direk Olivia Lamasan.* Phil Star Global. www.philstar.com/entertainment/2014/02/10/1288485/film-education-direk-olivia-lamasan.

Tolentino, R. (2007). *Sipat kultura: Tungo sa mapagpalayang pagbabasa, pag-aaral at pagtuturo ng panitikan.* Ateneo de Manila University Press.

Tolentino, R. (2009). Globalizing national domesticity female work and representation in contemporary women's films. *Philippine Studies, 57*(3), 419-442.

Tugano, A.C. (2021). Representasyon ng kababaihang manggagawang Pilipino sa Europa batay sa pelikulang pag-ibig ng Milan (2004) at Barcelona (2016) ni Olivia Lamasan. *Bisig Journal, 3*(1), 43-72.

Tugano, A.C. (2023). Mga pangako ng puso, mga sakripisyo ng kamay: Imahe ng Estados Unidos bilang kanlungang Pilipino batay sa mga piling pelikula ni Olivia Lamasan. *Hasaan Journal 7*(1), 41-73.

Tugano, A.C. & Sajor-Tugano J.F.I. (2021). Hanapin ang hiwaga: Labintatlong alegorikal na interpretasyon sa Netflix animated series na *Trese. Kawing Journal, 6*(1), 53-88.

Valerio, E. (2013). The other 'Other' cinema: The revisionist impulse of Filipino alternative films. Ugong Journal, 5(2), 150-169.

**Mga Pelikula at Teleserye**

Baldisimo, K. & Tan, B. (creator). (2021). *Trese.* Netflix.

Bayani, R. (dir.) & Fernando, J., Gazmen, K. & Ramos, A.K. (writ.). (2012). *One More Try.* Star Cinema.

Bernardo, S.A. (dir. & writ.). (2017). *Kita Kita.* Viva Films, Spring Films, Sharo Entertainment Productions, and VIVA Films.

Boborol, T. (dir.) & Dimaculangan-Fampulme, M. & Barrios, C.H. (writ.). (2015). *Just The Way You Are.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Caparas, C. (dir.) & Caparas, C., Monteverde, L., & Villa, D. (prod.). (1995). *Victim No. 1: Delia Maga (Jesus, Pray for Us!).* Regal Entertainment, Inc.

de los Reyes, M. (dir.) & Aquino, K. & Valdez, V. (writ.). (2016). *The Unmarried Wife.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Garcia-Molina, C. (dir.) & Valdez, V. & Raymundo, C. (writ.). (2007). *One More Chance.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Garcia-Molina, C. (dir.) & dela Torre, R.S. (writ.). (2008). *A Very Special Love.* ABS-CBN Film Productions, Inc., Star Cinema, and Viva Films.

Garcia-Molina, C. (dir.) & dela Torre, R.S. (writ.). (2009). *You Changed My Life.* Star Cinema, and Viva Films.

Garcia-Molina, C. (dir.) & Raymundo, C. (writ.). (2013). *It Takes a Man and a Woman.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Garcia-Molina, C. (dir.) & Raymundo, C., Bernardo, C.G., & Bernardino, B. (writ.). (2014). *She's Dating the Gangster.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Garcia-Molina, C. (dir.) & Raymundo, C., Valdez, V., & Garcia-Molina, C. (writ). (2015). *A Second Chance.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Garcia-Molina, C. (dir.) & Nicolas, J., Ebreo, G., & Garcia-Molina, C. (writ.). (2017). *My Ex and Whys.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Garcia-Molina, C. (dir.) & Katigbak, C. & Lamasan, O. (prod.). (2019). *Hello, Love, Goodbye.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Jadaone, A. (dir. & writ.). (2014). *That Thing Called Tadhana.* Star Cinema.

Jang-soo, L. (dir.) & Hye-kyung, P. (writ.). (2003). *Stairway to Heaven.* SBS TV.

Jeturian, J., Brondial, M., & Boborol, T. (dir.) & O'Hara, D., Layson, N., dela Cruz, J., Hemedez, D., & Fortun, A.K. (writ.). (2012). *Be Careful with my Heart.* GMO Entertainment Unit.

Lamangan, J. (dir.). & Ilagan, B. & Lee, R. (writ.). (1995). *The Flor Contemplacion Story.* Viva Films.

Lamangan, J. (dir.). & Lee, R. (writ.). (1997). *The Sarah Balabagan Story.* Viva Films.

Lamasan, O. (dir.). (1994). *Maalaala Mo Kaya: The Movie.* Star Cinema

Lamasan, O. (dir.). (2002). *Got 2 Believe.* Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.) & Lee, R. (writ.). (1996). *Madrasta.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.) & Lamasan, O. & Lee, R. (writ.). (2000a). *Hanggang Kailan Kita Mamahalin.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.) & Lamasan, O. & Lee, R. (writ.). (2000b). *Minsan Minahal Kita.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C., Santos, M., & Samson-Martinez, M. (prod.). (2004). *Milan.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C., Santos, M., & Samson-Martinez, M. (prod.). (2011). *In the Name of Love.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C. & Santos, M .(prod.). (1995). *Sana Maulit Muli.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C. & Santos, M. (prod.). (2009). *In My Life.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C. & Santos, M. (prod.). (2012). *The Mistress.* Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C. & Santos, M. (prod.). (2014). *Starting Over Again.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lamasan, O. (dir.). & Santos-Concio, C. & Santos, M. (prod.). (2016). *Barcelona: A Love Untold.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Lana, J. (dir. & writ.). (2023). *Ten Little Mistresses.* The Idea First Company and Amazon Prime Video.

Lazatin, J. (dir.) & Que, S. (writ.). (2011). *A Mother's Story.* ABS-CBN Film Productions.

Min-soo, P. (dir.) & Hyo-jung, M. (writ.). (2004). *Full House.* Korean Broadcasting System.

Naval, N. (dir.) & Valdez, V. (writ.). (2015). *The Love Affair.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Quintos, R. (dir.) & Santos-Concio, C., Santos, M., & Dayrit, T. (prod.). (2000). *Anak.* Star Cinema.

Quintos, R. (dir.) & Bejerano, T., Lumibao, D., Quitain, H.K., dela Cruz, E., & Boborol, T. (writ.). (2000). *Pangako Sa'Yo.* ABS-CBN.

Reyes, J.J. (dir. & writ.). (2007). *Katas ng Saudi.* Regal Home Entertainment.

Roño, C. (dir.) & Santos-Concio, C. & Santos, M. (prod.). (2008). *Caregiver.* Star Cinema.

Roño, C. (dir.) & Santos-Concio, C. & Santos, M. (prod.). (2015). *Etiquette for Mistresses.* ABS-CBN Film Productions, Inc. and Star Cinema.

Salud, E. & Pobocan, J. (dir.) & Amigo, R. (writ.). (2006). *Gulong ng Palad.* Dreamscape Entertainment Television.

Santos, G. (dir.) & Santos-Concio, C., Santos, M., Santos, E., & del Rosario, V. (prod.). (2015). *Ex with Benefits.* ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, Skylight Films, and Star Cinema.

Triana, R., Osorio, S. & Vega, C. (dir.). (2003). *Pasion de Gavilanes.* Telemundo Caracol Television.

Yap, D. (dir. & writ.). (2022). *Maid in Malacañang.* Vincentiments and Viva Films.

Yap, D. (dir. & writ.). (2023). *Martyr or Murderer.* Vincentiments and Viva Films.

**About the Author**

Kasalukuyang Instruktor 7 ng Kasaysayan sa Division of History, Department of Social Sciences, University of the Philippines Los Baños. Nagtapos ng B.A. History sa Polytechnic University of the Philippines, Manila *(batch valedictorian, magna cum laude).* Tinatapos ang kaniyang M.A. Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines, Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulong pananaliksik sa *Diliman Review, Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature, Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, Diliman Gender Review*, at *Plaridel Journal* –lahat ay mga dyornal sa U.P. Diliman; *Makiling Review* ng U.P. Los Baños; *Katipunan Journal* ng Ateneo de Manila University; *Dalumat E-Journal; Tala Kasaysayan Journal;* at *Hasaan Journal* ng University of Santo Tomas; *Social Sciences and Development Review, Mabini Review, Bisig Journal, Entrada Journal,* at *Talastasan Journal* ng PUP Manila; *Saliksik E-Journal* ng Bagong Kasaysayan Inc.; *Kawing Journal* ng Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino; *Journal of Philippine Local History & Heritage* ng National Historical Commission of the Philippines; at ilang pag-aaral na inilathala ng ATAGAN Tayabas; ADHIKA ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts; University of the Philippines Press; at PUP Center for Philippine Studies. Editor ng aklat na *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (2019) at *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (2023). Kasamang may-akda ng *50-50: Talambuhay ng mga Pangunahing Personalidad ng Batas Militar* (2022). Noong 2021, natanggap niya ang karangalan bilang *Mananaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala* na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).